# Pagpapahintulot ng Magulang/Tagapag-alaga para sa Internasyonal na Paglalakbay-Aral

**Mga Tuntunin:**

**SPS na Kawani:**

1) Gumamit ng isang pormularyo kada isang paglalakbay
2) Kumpletuhin ang Bahagi para sa Paaralan ng pormularyo sa pahina 1.
3) Duplikahin ang isang pormularyo kada mag-aaral.
4) Ipadala ang isang kopya sa bahay para sa lagda ng magulang at mag-aaral.
5) Sa araw ng paglalakbay–aral, ang pirmadong orihinal na pormularyo ay kailangang dala ng tsaperon at ang isang kopya ay kailangang maiwan sa tanggapan ng paaralan.

**Mag-aaral:** 1) Kumpletuhin ang "Kasunduan ng Mag-aaral" sa pahina 1.

**Magulang/ Legal na Tagapag-alaga, kung ang mag-aaral ay mababa sa 18 taong gulang, o ang mag-aaral, kung may 18 taon na:**

1) Kumpletuhin ang "Pagpapahintulot at Pagtanggap ng Panganib" at "Pagpapahintulot sa Panggagamot" sa pahina 2.
2) Kumpletuhin ang "Pormularyo sa Impormasyon sa Medikal" at "Pormularyo sa Pagbibigay ng Panggagamot" na kalakip sa pormularyong ito.

**\KUKUMPLETUHIN NG PAARALAN**

| | |
|---|---|
| **Pangalan ng Paaralan:** | **Pangalan ng Mag-aaral:** |
| **Petsa(mga) ng Paglalakbay:** | **Pupuntahan:** |

**Layunin(mga):**

**Lista ng mga Aktibidad:**

**Pamamahala:** (Itsek ang Isa.)

□ .Ang mga mag-aaral ay direktang pamamahalaan ng may edad na tsaperon sa paglalakbay na ito sa lahat ng oras.

□ Ang mga mag-aaral ay direktang pamamahalaan ng may edad na tsaperon sa paglalakbay na ito na may mga eksepsiyon na sumusunod:

**Gamit na Transportasyon:** (Tsekan ang lahat ng nauukol.)

□bus ng paaralan □ upahang bus □ naka iskedyul na eroplano □ bapor/ferry □ tren □ Iba _________

**Ang mga mag-aaral ay aalis mula sa:**____________________________**ng** ____________________.
**(saan)** **(oras)**

**Ang mga mag-aaral ay babalik sa:** ______________________________**ng bandang** ______________
**(saan)** **(oras)**

**Tsaperon(mga ) na Namamahala:**

_____________________________________________________________________

**Tsaperon/Proporsiyon ng Mag-aaral:** __________________ (pinakamataas na proporsiyon 10:1)

**KUKUMPLETUHIN NG MAG-AARAL**

## KASUNDUAN NG MAG-AARAL

Samantalang kasama ako sa paglalakbay na ito, nauunawaan ko na ako ay magiging kinatawan ng SPS at aking pamayanan. Nauunawaan ko na tamang mga pamantayan ang kailangang ipatupad, at tatanggapin ko ang pananagutan sa pagpapanatili ng magandang asal at sumunod sa mga tuntunin batay sa paaralan at ang *Saligang Alintuntunin ng Mga Pampublikong Paaralan ng Seattle –Koda ng Ipinagbabawal na Asal.*

__________________________________________ __________________________

Lagda ng Mag-aaral Petsa

DAPAT KUMPLETUHIN NG MAG-AARAL O MAGULANG/TAGAPAG-ALAGA NG MAG-AARAL

## PAGPAPAHINTULOT AT PAGTANGGAP NG MGA PANGANIB

Nauunawaan ko na ang pagsama ko/ ng aking anak sa paglalakbay-aral na ito ay kusang loob at maaaring malantad ako/ang aking anak sa ilang (mga) panganib. Nabasa ko at nauunawaan ang pagkakalarawan ng lakbay-aral (sa pahina 1 ng pormularyong ito) at pinahintulutan ko ang sarili ko/aking anak na sumali sa nakaplanong mga nilalaman ng lakbay-aral.

Inaako ko ang lahat ng pananagutan sa anumang panganib na personal o pinsala sa mga ari arian na nagmula sa o may kinalaman sa aking/ aking anak na pagsali sa lakbay-aral na ito, kasama ang anumang aksiyon na pagpapabaya o iba pa, mula sa sandali na ang aking mag-aaral ay nasa ilalim ng pamamahala ng SPS at sa buong tagal ng paglalakbay. Ako'y sumasang-ayon pa na magbayad ng pinsala at huwag makapinsala sa SPS at sa sinumang mga indibidwal at ibang mga samahan na may kaugnayan sa SPS sa lakbay-aral na ito, kasama subali't limitado sa anumang serbisyo kasama ang transportasyon, mula sa anumang pag-angkin o pananagutan na nagmula sa akin/aking anak na pagsali sa lakbay-aral na ito.

Nauunawaan ko din na ang pagsali sa lakbay-aral ay kapapalooban ng mga aktibidad labas sa pag-aari ng paaralan; samakatwid, ni ang Mga Pampublikong Paaralan ng Seattle, o ang mga kawani nito o mga nagboboluntaryo, ay magkakaroon ng anumang pananagutan sa kondisyon at gamit ng anumang ari arian na hindi sa paaralan.

Nauunawaan ko na ang SPS ay walang pananagutan sa pamamahala sa akin/ aking anak sa mga oras ng mga araw na ako/ aking anak ay maaaring lumiban sa isang pinamamahalaang aktibidad ng SPS. Ang ganoong mga pangyayari ay nakatala sa seksiyong "Pamamahala" sa pahina 14 ng kasunduang ito.

Inihahayag ko na nabasa ko/ ng aking anak at sumasangayon na sumunod sa mga tadhana at kondisyon na nakahayag sa *Saligang Alintuntunin ng Mga Pampublikong Paaralan ng Seattle-Koda ng Ipinagbabawal na Asal*, at sumunod sa lahat ng mga desisyon ng mga guro, kawani at duon sa mga may kapangyarihan. Sumasang-ayon ako na ang SPS ay may karapatan na ipatupad itong mga alituntunin, pamantayan at ipinaguutos. Sumasang-ayon ako na ang aking/aking anak na pagsali sa lakbay-aral na ito ay maaaring sa anumang oras ay tapusin ng SPS dahilan sa akin/ aking anak na hindi pagtupad sa mga palakad,na ito o sa anumang kadahalinan na sa palagay ng SPS ay sa kagalingan ng grupo ng mag-aaral, at ako/ aking anak ay maaaring pauwiin sa sarili naming gastos na walang pagbabalik ng ibinayad na mangyayari. Sa karagdagan, ang mga tsaperon ay maaaring ibahin ang mga aktibidad na paglalakbay upang masiguro ang kaligtasan ng indibidwal at/o grupo.

Inaako ko/ ng aking anak ang lahat ng pananagutan para sa pagkakaroon at pag-iingat ng lahat ng kailangang mga dokumento sa pagsali sa lakbay-aral na ito, kasama, subali't hindi limitado sa may bisang pasaporte, bisa, at larawang mapagkikilanlan.

## PAGPAPAHINTULOT SA PANGGAGAMOT

Pinatutunayan ko na ako/aking anak ay nasa mabuting pisikal at kaisipang kalusugan at ako/ aking anak ay walang espesyal na medikal o pisikal na kalagayan na maaaring makapigil sa pagsama sa lakbay-aral na ito.

Sumasang-ayon ako na kumpletuhin ang buong "Pormularyo sa Impormasyon sa Medikal" at "Pormularyo sa Pagbibigay ng Gamot" na kasama sa Pagpapahintulot na ito.

Sumasang-ayon ako sa pagsasabi sa SPS ng anumang mga gamot at/ o reseta na ako/ aking anak ay kailangan o dapat inumin anumang oras sa buong tagal ng lakbay-aral.

Sakaling magkaroon ng malubhang sakit o pinsala sa aking sarili/ aking anak, malinaw kong pinahihintulutan sa pamamagitan ng aking lagda sa pagbibigay ng emerhensiyang medikal na pag-aalaga, kung sa opinyon ng tumitinging medikal na kawani, ang aksiyong iyon ay nararapat. Karagdagan, kung kailangan, pinahihintulutan ko ang mga tsaperon na umaksiyon para sa akin/ aking anak samantalang sumasali sa sinasabi sa itaas na paglalakbay kasama ang pagkakatanggap sa at pagpapauwi mula sa medikal na pasilidad.

***Kung ang aplikante ay mayroon lamang 18 taong gulang,ang sumusunod na pagpapahayag ay kailangang mabasa at lagdaan ng mag-aaral :***

Pinatutunayan ko na ako ay 18 taong gulang, na nabasa ko at nauunawaan ko ang nasa itaas na kasunduan, at tinatanggap ko at pasasakop sa mga tadhana at kondisyon nito,

______________________________ ____________________
Lagda ng Mag-aaral Petsa

***Kung ang mag-aaral ay, wala pang18 taong gulang, ang sumusunod na pahayag ay kailangang mabasa at lagdaan ng magulang o legal na tagapag-alaga ng mag-aaral:***

Pinatutunayan ko na ako ang magulang at legal na tagapag-alaga ng aplikante, na nabasa ko na at nauunawaan ang nasa itaas na Kasunduan, at tinatanggap ko at pasasakop sa mga tadhana at kondisyon nito sa aking kapakanan at sa kapakanan ng mag-aaral.

Ibinibigay ko ang pahintulot kay: ______________________________________ na sumali sa lahat ng bahagi ng lakbay-aral na ito. (mag-aaral)

______________________________ ______________
Lagda ng Magulang/Tagapag-alaga Petsa

***Ang mag-aaral,kung mayroon lamang 18 taong gulang,o magulang/ legal na tagapag-alaga ay kailangang kumpletuhin ang impormasyon sa ibaba:***

Ilimbag Pangalan at Apelyido: ________________________________________________

Tirahan: ________________________________________________________

Telepono: (Cell) __________________(Tirahan)____________________(Trabaho) __________________

Matatawagan na Pangalan sa Emerhensiya: ________________________________________

Relasyon sa Mag-aaral: ________________________________________

Matatawagan na numero ng Telepono sa Emerhensiya: ____________________________________